# TAGALOG (FILIPINO)

## *Statement 1:* For All Foreign Nationals Except Those from "Mandatory Notification" Countries

Kung kayo'y maaresto o madetained dito sa Amerika, at kahit na hindi naman kayo U.S. Citizen, maaari ninyong ipakiusap na ipagbigay alam ang nangyaring ito sa inyo, sa consular officer ng Philippine Embassy na narito sa Amerika. Puwede ring kayo na mismo ang kumontak sa Philippine Embassy. Maaaring kayong magpatulong sa mga namamahala ng ganitong kaso sa Embahada ng Pilipinas , na maghanap ng makakahawak ng inyong kaso, magkaroon ng isang makakakontak sa inyong kamag-anakan, para kayo'y madalaw o mapuntahan sa inyong kinaroroonan at nang may makapag-asikaso ng mga dapat gawin. At kung gusto na ninyo silang kontakin, ngayon mismo o kung kailan ninyo gusto, magsabi lang kayo. Gusto na ba ninyong ipagbigay alam namin sa Philippine Embassy ang tungkol sa inyo? Gusto ba ninyong kontakin na namin sila?

Opo (YES)　　　　Huwag na p o. (NO)

i-print ang buong pangalan: ____________________　　Testigo: ______________________________
Printed Name　　Witness
Pirma: __________________________________　　Petsa: _______________________________
Signature　　Date

---

## *Statement 2:*
## For Foreign Nationals from "Mandatory Notification" Countries

Dahil sa kayo'y Taga Pilipinas, kailangan po naming ipagbigay alam sa Philippine Embassy dito sa Amerika na kayo'y naaresto o nakadetained. Kailangan ho naming gawin ito sa lalong madaling panahon . Puwede rin naman na kontakin ninyo ang Philippine Embassy. Hindi ho naman kailangang magpatulong kayo sa kanila , Pero baka ho naman may maitulong sila sa inyong makahanap ng hahawak ng inyong kaso, O kaya'y kontakin ang inyong kamag-anakan nang madalaw o mapuntahan kayo sa inyong kinaroroonan. At matulungan kayo tungkol sa mga iba pang bagay. Pir ahan ninyo ito bilang pagpapatunay na itong impormasyong ito'y nakarating, sinabi at ipinaliwanag sa inyo.

i-print ang buong pangalan: ____________________　　Testigo: ______________________________
Printed Name　　Witness
Pirma: __________________________________　　Petsa: _______________________________
Signature　　Date